



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

TUNGKOL SA WAHHABISM - 1

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

وَلَا تَهِنُوا وَلَا تَحْزَنُوا وَأَنْتُمْ الْأَعْلَوْنَ إِنْ كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ

“Wala tahinu wala tahzanu wa’antumul a’lawna in kuntum mu’mineen.” (Sura Aal Imran:139) Sabi ng Allah Azza wa Jalla: “Do not grieve!” Ang ibig sabihin nito ay wag malungkot o magkaroon ng pag-aalala. “You are superior if you are true believers.” Ang sinasabihan ng Allah(awj) ay ay Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam pero ang Qur’an ay para sa lahat. Ang pinakadakilang kabutihan na dala ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay ang Qur’an, sadyang napakadakilang. Ang Qur’an ay ang salita ng Allah. Ito’y hanggang sa Yawmul Qiyamah. Ang Qur’an ay puno ng Nasiha para sa lahat, at lahat ay makakakuha ng kabutihan dito. Ito’y nasiha at gamut.

Ikaw ay kabilang sa minoriya. May mga ibang lahi din sa lupang ito. Wag kang makaramdam ng pang-aapi o pagkababa. Ang sabi ng Allah(awj) ay ang “Mu’min ay nakakataas.” Kailangan nating alisin ang sakit na ito mula sa loob natin. Di natin kailangan gayahin ang kahit na sino. Mayroon tayong milyon-milyon na Ulama, Awliya at Bayani. Ito’y nasiha para sa mga tao dito.

Isa pang Nasiha: Di mo kailangan pumunta at pahalagahan o kalugdan ang mga Wahhabi dahil siya ay isang Arabo. Ikaw ay isang Mu’min. Ang iyong Ulama ay di Arabo or Wahhabi. Galing sila sa iyong lupa. Ika’y isang Mu’min at wag mong tignan ang sarili mo bilang mababa. Magpasalamat sa biyaya ng Allah. Natanggap o ang malaking biyaya. Di mo kailangan gayahon ang Arabo, Ajam at sila’y habulin.



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Ito'y laro ng mga Yahudi- ito'y aking sinasabi-wala ng iba. Ang isang Muslim ay di nagpapatapak sa iba sa kaniyang sarili. Sila'y nagbibigay ng di pagkakaintindihan sa mga Muslim. Di nila kayang tanggapin na mataas ang mga Mu'min. Ang Iman ay nasa taas.

Bismillahir Rahmanir Rahim.

قَالَتِ الْأَعْرَابُ آمَنَّا قُل لَّمْ تُؤْمِنُوا وَلَكِنْ قَوْلُوا أَسْلَمْنَا

1. Azimush sha'n 2. Nima 3. Fitna

“Qaalatil a'rabu amanna, qullam tu'minu walaakin qulu aslamna,” sabi ng Allah Azza wa Jalla sa Koran (Sura Hujurat:14). Kung saan may Islam magiging Muslim lahat. Pero ang Iman ay Iba. Ang Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay tinuruan tayo at pinakita ang daan. Ang pagsunod sa kaniya, sa mga Sahaba, Ulama at Awliya. Milyon-milyon na ang mga Awiya, Ulama at Sultan na dumating. Sila'y nagbigal galang sa mga Awliya kaya tinaas ang kanilang katayuan sa Allah(awj). Ang mga silang nawala sa tamang landas ay nakalimutan.

Kaya ang mga tao sa bansang ito ay di dapat maloko. Di nakakataas ang pagiging Arabo. Pag di niya ginagalang ang Propeta Muhammad alayhis salatu was salam, di sila nakakataas. Ang daan ng Tariqa ay daan ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ang Propeta Muhammad alayhis salatu was salam, ang mga Awliya at magulang ay ginagalang sa Tariqa at sinusunod. Ang mga asawa at anak ay inaalagaan.

May Hadith ang Banal Propeta Muhammad alayhis salatu was salam kung saan sinabihan niya ang mga Sahaba na bigyan ng pansin ang kannilang mga kapitbahay, inakala ng mga Sahaba na bibigyan na ng karapatan magmana ang kapitbahay dahil sa pagpapahalaga ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Marami ang mga silang sinisira lang ang Islam. Nawa'y patnubayan ng Allah ang mga silang pinapatnubayan. Ang silang di pinatnubayan ay dadaan sa Hisab. Ang ating dapat gawin ay ipakita ang tamang daan sa mga kabataan at kasamahan. Ang mga wala sa tamang daan ay kaawa-awa.



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Ang silang walang Shaykh, Shaytan ang kanilang Shaykh. Ito ang nangyayari kaya sila galit sa mga Shaykhs dahil sila ay pinipigilan. Pinadala ng Allah ang napakaraming mga Ulama at Shaykh. Magpapadala pa rin siya hanggang sa Qiyama. Kaya kahit anong pagpilit nila, di nila maloloko ang Ummah. May mga ilang maloloko. Ang Ummah ay may pagmamahal sa Allah, sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam at sa mga Awliya.

Nawa'y igitas tayo ng Allah sa Fitna ng Shaytan. Nawa'y gawin niyang mabuti ang ating mga Anak In Sha Allah. Nawa'y matanggap nila ang Dua ng Allah, Propeta Muhammad alayhis salatu was salam at mga Awliya In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

4. Sahabi

5. Ulama

6. Awliya

7. Prayers

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil

31 August 2015/17 Zulqi'dah 1436

Tatarstan